**March 16, 1521 (Sabado ng madaling araw**)

- Dumaong sila Magellan sa isla ng Zamal (Samar)
- Ngunit kinabukasan ay lumipat din sila sa isang isla na nakaparoon sa kanlurang bahagi ng Zamal kung saan walang naninirahan upang masiguro ang kanilang seguridad at maiinom at ng sa gayon sila ay makapagpahinga
- Dito ay nagtayo sila ng 2 tent para sa mga kasamahang mayroong sakit

**March 18, 1521 (Lunes ng tanghali)**

- Natanaw nila Magellan ang isang bangkang mayroong siyam na katao na patungo sa kanila
- Dahil dito ay inutusan ni Magellan ang kaniyang mga kasamahan na huwag gagalaw o magsasalita hanggat hindi siya nagbibigay ng permiso
- Nang makadaong sa tabing dagat ang mga katutubo, agad na na pumunta ang kanilang pinuno kay Magellan ng may galak sa pagdating nito
- Lima sa mga katutubo na mayroong mga dekorasyon sa katawan ang nanatili kasama ng mga Espanyol samantalang ang iba sa kanila ay sinundo ang mga kapwa katutubo na nangingisda
- Ng mapagtanto ni Magellan na mabubuti ang taong ito, pinaghandaan niya ito ng mga makakakain at binigyan niya ito ng red caps, salamin, suklay, bells, ivory, bocasine, atbp.
- Ng makita ng mga katutubo ang kabutihan ni Magellan, sila naman ay naghandog ng mga isda, uraca, figs, 2 buko, at iba pang mga maliliit na bagay
- Bukod doon ay wala na silang maihandog kaya gamit ang kanilang mga kamay ay gumawa sila ng senyales na magdadala sila ng umay at buko at iba pang mga pagkain makalipas ang ikaapat na araw
- Naging malapit ang mga katutubong iyon sa mga Espanyol. Maraming bagay ang ibinahagi ng mga ito sa kanila kabilang na ang kanilang mga ngalan at mga ngalan ng isla na matatanaw mula sa kanilang pinaroroonan.
- Dito napag-alaman ng mga Espanyol na ang pinanggalingang isla ng mga katutubong iyon ay tinatawag na Zuluan, na hindi ganoon kalaki.
- Naging mainit ang pagtanggap ng mga katutubo sa mga Espanyol kaya bilang kapalit at pagbibigay karangalan sa kanila, dinala sila ni Magellan sa barko nito.
- Dito ay ipinakita ni Magellan ang lahat ng kanilang produkto, gaya ng cloves, cinnamon, pepper, luya, nutmeg, mace, gold, at iba pa na nasa barko.
- bago umalis ang mga katutubo ay inulit nito ang pangakong muling pagbabalik makalipas ng apat na araw
- ang islang kinaroroonan nila Magellan ay tinatawag na Humunu na kung saan mayroong 2 batis na tinawag nilang Acquada da li buoni Segnialli (watering place of good signs) dahil maraming gold ang mamamataan dito
- dahil maraming isla ang matatagpuan sa lugar na naparoonan nila, tinawag nila itong Archipelago of San Lazarus dahil ito ay kanilang natagpuan sa sabbath ni St. Lazarus

**March 22, 1521 (biyernes ng tanghali)**

- Makalipas ang apat na araw ay bumalik nga ang mga katutubo ngunit sa pagkakataong ito ay 2 bangka na dahil marami silang mga produktong ikakalakal gaya ng cocoanuts, sweet oranges, jar of palm-wine, at cock
- Ang kanilang seignior ay matanda na at puno ng tattoo at mayroong 2 schione o gold na hikaw sa kaniyang tenga samantalang ang iba namang kasamahan ay mayroong gold armiots o purselas at kerchiefs o bandana sa kanilang mga ulo.
- Isang linggo silang nanatili sa sa Humunu ngunit araw-araw ay pumupunta si Magellan sa tabing dagat upang bisitahin ang mga kasamahang mayroong sakit at pinapa-inom ng cocoanut gamit ang kaniyang kamay na nagbibigay nglubos na comfort
- Malapit sa isla ng Humunu ay mayroong mga caphri na nakatira kung saan mayroong malalaking butas sa tainga na umaabot na sa kanilang mga braso. Ang mga tao doon ay walang mga pang-itaas at nakasuot ng damit na mula sa kusi ng puno samantalang ang mga pinuno naman ay nakasuot ng damit na ibinurda sa silk.

**March 25 (tanghali ng holy Monday/ day of our lady)**

- Mangingisda sana si Pigafetta ngunit siya ay nadulas dala na din ng ulan ngunit siya ay nakakapit sa clew-garnet ng mainsail
- Habang nakakapit ay sumisigaw si Pigafetta upang humingi ng tulong. Di naglaon ay mayroong **maliit na bangka ang tumulong sa kaniya.(the Virgin)**
- Sa araw din na iyon ay naiba ang kanilang direlsyon papunta sa timog-kanluran sa pagitan ng mga islang **Cenal, Hiunanghan, Ibusson, at Abarien**

**March 28 (huwebes ng umaga sa limasawa)**

- Kinagabihan ng miyerkules ay mayroon silang nakitang apoy sa isang isla kaya dumaong sila malapit doon.
- Kinaumagahan ay mayroong boloto o maliit na bangka na mayroong 8 tauhan ang papunta sa kanilang barko
- Inutusan ni Magellan ang kanyang alipin na si Traprobana na makipag-usap sa kanila
- Agad naman itong naintindihan ng mga katutubo at lumapit sa kanilang barko ngunit sila ay nag-aalangan na pumasok at nag-iwan ng maliit na distansya mula sa kanila at sa barko
- Nang makita ni Magellan na hindi sila nagtitiwala ay hinagisan niya ito ng red caps at iba pang bagay na nakatali sa piraso ng kahoy.
- May galak naman itong tinanggap ng mga katutubo at umalis upang ibalita sa kanilang hari/pinuno
- Makalipas ang 2 oras ay mayroong 2 balanghai na paparating. Punong-puno ito ng mga tauhan at kasama ang kanilang pinuno.
- Nang makarating ang hari sa barko nila Magellan, si traprobana ang kumausap dito. Inutusan niya ang ilan sa kaniyang mga tauhan na pumasok sa barko nila Magellan at ng bumalik ang mga ito ay mayroong silang mga dalang kagamitan na ibinigay ni Magellan bilang pagbibigay karangalan

- Dahil dito, bago tuluyang umalis ang hari ay nag-offer ito ng malaking bloke ng gold at isang basket ng luya na hindi naman tinanggap ni Magellan
- Tanghali ng araw na iyon ng dumaong ang Espanyol sa isla ng hari

**March 29 (holy Friday**)

- Pinapunta ni Magellan ang kaniyang interpreter sa hari upang tanungin kung mayroon silang pagkain nan ais niya ipadala at para sabihin na din na pumunta sila doon hindi para maging kaaway ngunit upang maging kaibigan.
- Dumating ang hari kasama ang 6 o 8 na tauhan sa iisang bangka at sila ay pumasok sa barko.
- Niyakap nito si Magellan na binigyan niya ng **3 banga na porselana na nababalutan ng dahon at puno ng bigas 2 malaking orade at iba pa**, samantalang si Magellan naman ay nagbigay ng garment na damit na kulay pula at dilaw na gawa ayon sa Turkish fashion at iba pang mga bagay
- sinabi ni Magellan na nais niyang maging **casi-casi** at gayon din naman ang hari. Ipinakita ni Magellan ang iba't-ibang ornaments, produkto, mga armas na ang iba ay pinaputok para sa hari, maging ang mga armor na siyang kinamangha ng hari dahil ang isang armadong tauhan ay katumbas ng 100 tauhan ng hari. Sinabi din ni Magellan na mayroon siyang 200 na armadong tauhan.
- Ikinuwento din ni Magellan sa pamamagitan ng kaniyang interpreter kung paano niya natuklasan ang strait ng kanilang paglalayag at kung ilang araw o gabi ang kanilang pinagdaanan na walang nakikitang kalupaan.
- Hiniling naman ni Magellan na isama ng hari ang dalawa niyang tauhan (kasama si PIgafetta) sa kanilang pagbalik upang maipkakita dito ang ilan sa mga bagay na mayroon ang hari
- Ng marating nila ang tabing dagat ay itinaas ng hari ang kamay nito kaya ganoon din ang ginawa ng 2 tauhan na Espanyol
- Inalalayan sila ng hari at isa pang tauhan papunta sa isang balanghai na nababalutan ng bamboo at kasing haba ng 80 na palad at doon sila ay naupo at nakipag-usap gamit ang senyales
- Sila ay pinaghandaan sila ng hari at dinalhan ng plato na mayroong baboy at isang malaking banga na naglalaman ng alak, pagkatapos sila ay nagsalo-salo
- Nagkaroon muli sila ng kainan ng i-anunsyo ang supper hour bago sila pumunta sa palasyo ng hari na binabalutan ng dahoon ng saging at palm, ito ay nakaangat sa lupa dahil sa kahoy nitong patungan kaya kinakailangan ng hagdan upang makapasok
- Doon sa palasyo ay muli silang kumain kasama ang prinsipe. Napansin din ni Pigafetta na gumagamit sila ng gum of tree na nakabalot sa dahon ng palm at saging upang magsilbi nilang ilaw
- Di naglaon ay nagpaalam na ang hari ng matutulog kaya sila ay natulog na din
- Kinabukasan ay niyaya silang kumain ng hari ngunit dumating na ang kanilang sundong bangka. Bago umalis ay hinalikan ng hari ang kanilang mga kamay kaya ganoon din ang kanilang ginawa.
- Ang isa naman sa kapatid ng hari, isa ding hari sa isang isla, at tatlo nitong tauhan ang sumama sa kanila pabalik sa barko at ito ay binigyan ni Magellan ng maraming bagay.

- Sinabi ng haring iyon na maraming ginto ang matatagpuan sa kanilang isla at maging ang mga kagamitan sa kanilang bahay ay mayroong gold
- Diniscribe ni Pigafetta ang haring ito bilang pinakamakisig na nakita niya. Kulay itim ang buhok nito na hanggang balikat ang haba, mayroong nakabalot na telang silk sa ulo nito, mayroong 2 gold na hikaw, nakasuot ito ng damit na gawa sa cotton at binurdahan ng silk at may haba na mula sa bewang hanggang tuhod, sa gilid nito ay mayroong kutsilyo/dagger, at mayroong 3 spots ng gold sa bawat ngipin nito, ito din ay amoy storax at benzoin, napupuno din ang katawan nito ng tattoo.
- Ang ngalan ng hari na namumuno sa Butuan at Calagan ay Raia Siaui samantalang ang hari naman ng Limasawa ay si Raia Colambu.

**March 31 (easter Sunday mass sa Limasawa) (umaga)**

- Ipinadala ni Magellan ang pari kasama ng iba pa nitong tauhan para paghandaan ang misa na gaganapin
- Kasama din ang interpreter, ipinarating ni Magellan kay Raia Colambu ang mensahe na hindi sila pumunta doon upang makipagsalo kundi upang ganapin ang misa.
- Ng dumating na ang oras ng misa, 50 katao kasama si Magellan ang bumaba suot suot ang pinakadisente nilang mga damit
- Sinalubong ng 2 hari si Magellan at agad itong niyakap. At bago magsimula ang misa, sinabuyan muna ni Magellan ang dalawang hari ng musk water.
- Ng mag-umpisa na ang misa, pumunta ang mga hari sa harapan at hinalikan ang krus gaya ng ginawa ng mga Espanyol ngunit hindi sila nagbigay ng sakripisyo. Nanatili naman silang nakaluhod at sinampalataya ang Diyos habang magkalakip ang kanilang dalawang kamay.
- Pagkatapos ng misa ay nagcommunion ang iba sa mga Espanyol samantalang naghanda naman ng fencing si Magellan na siyang ikinagalak ng mga hari.
- Matapos ay ipinakita ni Magellan ang isang krus, pako, at korona na kung saan ito ay binibigyan nila ng respeto. Sa pamamagitan ng interpreter, sinabi ni Magellan sa 2 hari na ang mga iyon ay ibinigay sa kaniya ng emperor ng kaniyang bansa, na kung saan sila mapapadpad ay maaari nila itong iwanan bilang pasasalamat at magsisilbing palatandaan na sila ay nakarating na sa lugar na iyon at hindi na sila gagambalain ng iba pang Espanyol na mapapadpad sa lugar na iyon.
- Ng tanungin ni Magellan ang 2 hari kung mayroon silang mga kaaway ng sa gayon ito ay kanilang masira, sinabi ng 2 hari na mayroong 2 isla ang kaaway nila ngunit hindi ito ang tamang panahon upang pumunta doon
- Nagpaalam sila Magellan na kakain lamang muna at pagbalik nila ay doon nila ilalagay ang krus sa pinakatuktok ng bundok

**Dinner after the mass (the same day)**

- Matapos kumain ay bumalik din ang mga Espanyol at kasama ang 2 hari, pumunta sila sa tuktok ng pinakamataas na bundok at doon itinirik ang krus

- Habang inaayos ang krus ay tinanong ni Magellan kung ano lugar ang pinakamagandang pagkuhanan ng pagkain, tugon ng 2 hari ay sa Ceylon, Zubu, at Calaghann. Ngunit ang Zubu ang pinakamalaki at pinakamaraming kalakal
- Nag-offer ang 2 hari na magbibigay sila ng tauhan na tutulong sa kanilang ituro ang daan papunta sa Zubu, tinanggap naman ito ni Magellan
- Ng matapos ng maitayo ang krus ay paulit-ulit nilang binigkas ang Pater Noster at Ave Maria kasama ang 2 hari.
- Matapos noon ay pumunta na sila sa isang balanghai at doon namahingahan at uminom ng cocoanut
- Tinanong ni Magellan kung nasaan ang mga tauhang gagabay sa kanila dahil balak na nilang umalis kinabukasan at sinabing itatrato niya ito na parang sila ang mga hari.
- Ngunit kinabukasan ay nagbago ang isip ni Raia Colambu at pinigilan si Magellan sa pag-alis at hiniling na maghintay sila ng 2 araw hanggang sa maani na ang mga bigas at gusto niya na siya na mismo ang maggagabay sa kanila sa pagpunta sa Zubu. Humingi din ito ng ilang tauhan na maaaring tumulong upang mas mapabilis ang pag-aani
- Pero ng araw na iyon ay nalasing ang 2 hari at natulog ng buong araw kaya walang ginawa ang mga tauhan ni Magellan sa araw na iyon, ngunit sa sumunod na dalawang araw ay nagtrabaho na sila.

Summary of march 31

- Heathen o locals ang mga nakatira sa limasawa at walang pang-itaas na damit at puno ng tattoo
- Mga heavy drinkers sila at ang mga kababaihan ay mayroong itim at mahabang buhok na umaabot sa lapag
- Sila ay may mga butas sa tainga na kung saan may nakakabit na gold na hikaw
- Palaging may nginunguyang **Areca** ang mga katutubong ito na nakabalot sa dahoon ng **betro** at nilalagyan ng kaunting lime. Naniniwala silang maganda ito sa puso at kapag itinigil nila ang gawaing ito, sila ay mamamatay.
- Pitong araw ang itinagal ng pamamalagi nila Magellan sa Limasawa at matapo non ay tumungo sila sa hilang-kanluran kung saan nadaanan nila ang limang isla na Ceylon, Bohol, Canighan, Baybai, at Catighan

**April 7 (Arrival at cebu)**

- Ng dumating sila Magellan sa Zubu sila ay napostura ang kanilang barko na parang nasa digmaan at nagpaputok sila ng mga kanyon na siyang nagbigay takot sa ibang mga mamamayan na nakatira doon
- Nagpadala si Magellan ng isang foster son upang magsilbing representative at isang interpreter.
- Ng marating ng mga ito ang siyudad kung saan nandoon ang karamihan sa mga mamamayan na natakot sa pagpapaputok ng mga kanyon at ang kanilang hari na si Humabon

- Dito ipinaliwanag ni Traprobana na ganoon ang ritwal nila tuwing pumapasok sa bagong lugar bilang tanda ng kapayapaan at pakikipagkaibigan
- Ng tanungin ng gobernador ni Raia Humabon ang mga Espanyol kung anong pakay nila, tinugon ito ni traprobana na ang kapitan nilang si Magellan ay madidiskubre ang Malucho at naririto sila dahil sa rekomendasyon ng hari ng mazau na si Raia Colambu at upang bumili ng mga produkto nila
- Ngunit sinabi ng hari na ang kanilang ritwal naman ay dapat magbigay ng pagkilala ang mga bagong dating sa Zubu. Binigyan pa nito ng halimbawa ang mga Espanyol ng ituro nito ang isang merchant na galling sa Ciama.
- Sinagot naman ito ng interpreter na si traprobana na hindi nagbibigay ng tribute ang kaniyang kapitan sa kahit na sinong pinuno at kung hihilingin ng hari na magkaroon ng kapayapaan, ito ang ibbigay n kapitan ngunit kung digmaan naman ang siyang hihilingin, ito rin ang ibibigay ng kapitan,
- Sinabi ni humabon na pag-iisipan niya ito at ibibigay niya ang kaniyang pasya kinabukasan
- Kaya bumalik na sila traprobana at inilatha lahat ng nangyari kela magellan
- Dahil si Raia Colambu ang pinaka-maimpluwensya matapos kay humabon at siya ring pinuno ng maraming isla, siya na ang pumunta sa baybayin upang makipag-usap kay humabon

**April 14 (linggo ng umaga)**

- 40 tauhan ang pumunta sa dalampasigan, 2 ang armado at may hawak ng royal banner.
- Ng marating ang lupa ay nagpaputok sila ng kanyon

**Mass Baptism (same day?)**

- Matapos magtanghalian ng pari at iba pang tauhan ay pumunta na sila sa tabing-dagat upang binyagan ang reyna, na dumating kasama ang 40 na kababaihan
- Pinaupo ang reyna sa isang cushion kasama ang iba pang mga kababaihan. Ipinakita sa reyna ang imahe ng Our Lady, ang batang Hesus na nakakurba sa kahoy, at isang krus.
- Ang reyna ay pinangalanang Johanna, ang anak naman nito ay Catherina, ang reyna ng Mazau ay pinangalang Lisabeta. Walong daan ang kabuuan ng nabinyagan sa araw na iyon
- Humingi naman ng permiso ang si reyna Johanna kung maari niyang mahingi ang imahe ng batang hesus para maisama sa mga sinasamba niya at pagkatapos ay umalis na ito
- Noong tanghali sa araw din na iyon, si raia Humabon at reyna Johanna kasama ang kanilang tauhan ay pumunta sa tabing dagat kung saan nagpaputok ng mga kanyon ang mga Espanyol na kanilang ikinamangha
- Magkapatid na ang tawagan ni Magellan at Raia Humabon
- Bago matapos ang linggong iyon ay maraming lugar sa islang iyon ang kanilang nabinygan. Mayroong isang baryo ang kanilang sinunog dahil ayaw nitong sumunod sa kanila. ang baryong iyon ay malapit lamang sa Zubu

- Nagtirik sila ng mga krus sa mga lugar na kailang nabinyagan o sa mga heathens samantalang mahirap pasunurin ang mga moro
- Malapit sa isla ng Zubu ay naroon ang islang Matam na pinamumunuan ni Zula at Cilapulapu at ang baryon a kanilang nasunog na tinawag na Balaia ay doon matatagpuan sa Matam

**April 26 (mactan affair) (Friday)**

- Biyernes ng April 26 ng ipadala ni Zula ang anak nito dala ang 2 kambing bilang regalo kay Magellan pati ang mensahe na hindi niya nadala ang mga bagay na ipinangako niya kay Magellan dahil kay lapu-lapu na tutol at ayaw magpasakop
- Iminungkahi ni Zula na magpadala ng isang bangka na puno ng tauhan sa susunod na gabi para mapapglanuhan n anito ang pagsugod kay lapu-lapu. Ngunit nagpasiya si Magellan na sumama at sa halip na isang bangka, tatlo ang kaniyang dinala.
- Madaling araw noon ng maghan sila Magellan kasama ang 60 tauhan na binubuo ni Magellan, Christian king at ang prinsipe nito at ibang mga tauhan nito.
- Nagbigay pa ng pagkakataon si Magellan sa mga Moro at binantaan ito ngunit hindi nagpasindak ang mga moro at sa halip ay sinabi nito na maghintay sila hanggang mag-umaga dahil kakaunti pa lamang ang kanilang tauhan.
- Nang dumating ang umaga, 49 na tauhan ang lumusong sa tubig samantalang ang natitirang 11 sa kanila, kasama ang Christian king ay nanatili sa mga bangka upang ito ay bantayan dahil hindi na mailalapit pa ang mga ito dulot ng low tide at maraming bato sa dagat.
- Ng marating nila ang kalupaan, mayroong 3 dibisyon na aabot sa 1500 na katao ang bumungad sa kanila at agad na lumusob ng marinig at makits sila Magellan
- Nasa kalahating minute sa tumitira ang mga musketeers (baril) at crossbowmen (pumapana) ngunit wala itong silbi dahil tumata lang ang mga palaso sa mga panangga ng mga katutubo
- Sinubukan ni Magellan na sumigaw ng cease fire ngunit walang nakikinig sa kaniya
- Ng napagtanto ng mga katutubo na wala ding kinapalaran ang muskets, mas nag-alab ang kanilang damdamin sa pakikipagdigma at mas lalo pang lumusob sa mga Espanyol
- Ang mga katutubo naman ang nagpaulan ng mga palaso na ang iba ay iron ang dulo o di kaya ay mayroong lason kaya walang magawa ang mga Espanyol at nahirapan silang depensahan ang mga sarili
- Ng makita ito ni Magellan ay agad siyang nag-utos sa isang tauhan na sunugin ang kanilang mga tahan upang sila ay matakot ngunit sa kasamaang-palad, mas nagalit lamang dito ang mga katutubo at mas nagpaulan pa ng mga palasong mayroong lason
- Dahil dito ay natamaan si Magellan ng palasong may lason sa kanan nitong hita
- Bagamat natuon ang atensyon kay Magellan ng ito ay makilala at 2 beses na natanggal ang helmet dahil sa paglusob ng mga ito, tumayo pa din at patuloy na lumalaban ng may tapang kasama ang iba pang tauhan nito
- Isang oras pa ang naglaon ngunit tuloy pa din ang digmaan, hanggang sa may isang indiano ang naghagis ng sibat at puntirya ang mukha ni Magellan ngunit

naunahan ito ni Magellan at napatay gamit ang kaniyang espada ngunit tumama naman ang sibat sa kaniyang braso

- Nakita iyon ng mga katutubo at sabay-sabay na nilusob ang kapitan na siyang dahilan upang bumagsak ito sa lupa una ang mukha doon ay pinagkaisahan ang kapitan hanggang sa ito ay nalagutan ng hininga
- 8 sa mga tauhan ni Magellan ay namatay din sa labanang iyon
- Sabado ang ninais na araw ng kapitan upang makidigma dahil ito ay sagrado sa kaniya
- Ng malaman ng Christian king o ni raia humabon ang pagkamatay ni Magellan ay lubos ang pagdadalamhati nito
- Tanghali ng araw na iyon ng magpadala ng menshae ang Christian king sa mga tao ng Matan na kung maaring ibigay sa kanila ang katawan ni Magellan at ng iba pa nitong tauhan na namatay sa labanan kapalit ng mga produkto
- Subalit hindi pumayag ang mga ito dahil para sa kanila isang tropeo ang katawan ng mga napatay na kastila lalo na ang katawan ni Magellan at wala itong katumbas na kahit anong kayamanan.